# MAIKLING SANGGUNIANG GABAY

## PROP 2 — NAGPAPAHINTULOT NG MGA BONO PARA SA MGA PASILIDAD NG PAMPUBLIKONG PAARALAN AT KOLEHIYONG PANGKOMUNIDAD. BATAS NG LEHISLATURA.

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Nag-aawtorisa ng $10 bilyon sa mga bono ng pangkalahatang obligasyon para sa pagkukumpuni, pag-upgrade, at pagtatayo ng mga pasilidad sa mga pampublikong paaralan K-12 (kabilang ang mga charter school), mga kolehiyong pangkomunidad, at mga programa sa edukasyon sa karerang panteknikal, kabilang ang para sa pagpapabuti ng mga kondisyong pangkalusugan at kaligtasan at mga upgrade sa silid-aralan. Nag-aatas ng mga taunang audit. **Epekto sa Pananalapi:** Mas mataas na gastos ng estado na humigit-kumulang $500 milyon taun-taon sa loob ng 35 taon upang mabayaran ang bono. **Mga Tagasuporta:** Asosasyon ng mga Guro ng California; Organisasyon ng mga Nars ng Paaralan ng California; Liga ng Kolehiyo ng Komunidad ng California **Mga Kumokontra:** Kapisanang Howard Jarvis ng mga Nagbabayad ng Buwis

### ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang estado ay maaaring humiram ng $10 bilyon upang magpatayo ng bago o mag-renovate ng mga kasalukuyang pasilidad ng pampublikong paaralan at kolehiyo ng komunidad.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang estado ay hindi maaaring humiram ng $10 bilyon upang magpatayo ng bago o mag-renovate ng mga kasalukuyang pasilidad ng pampublikong paaralan at kolehiyo ng komunidad.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Maraming paaralan at kolehiyo ng komunidad ang luma na at nangangailangan ng mga pangunahing pagkukumpuni at pag-upgrade para sa kalusugan at kaligtasan upang ihanda ang mga estudyante para sa kolehiyo at mga karera at upang mapanatili at maakit ang mga de-kalidad na guro. Ang Prop. 2 ay tumutugon sa mga pangangailangang iyon at nangangailangan ng mahigpit na pananagutan sa nagbabayad ng buwis upang ang mga pondo ay magagastos gaya ng ipinangako na may lokal na kontrol.

**KONTRA** Itataas ng Proposisyon 2 ang ating mga obligasyon sa bono ng $10 bilyon, kung saan gagastos ang mga nagbabayad ng buwis ng tinatayang $18 bilyon kapag binayaran nang may interes. Ang isang bono ay gumagana tulad ng isang credit card ng pamahalaan—ang pagbabayad sa credit card na iyon ay nag-aatas sa pamahalaan na gumastos ng higit pa sa iyong mga dolyar na buwis! *Bumoto ng HINDI sa Prop. 2.*

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Oo sa Proposisyon 2—Mga Taga-California para sa mga De-kalidad na Paaralan
info@californiansforqualityschools2024.com
www.californiansforqualityschools2024.com

**LABAN**

Miyembro ng Asembleya na si Bill Essayli
Lehislatura ng Estado ng California
Kapitolyo ng Estado
P.O. Box 942849
Sacramento, CA 94249-0063
(916) 319-2063
Assemblymember.Essayli@assembly.ca.gov
https://ad63.asmrc.org/

## PROP 3 — KONSTITUSYONAL NA KARAPATANG IKASAL. LEHISLATIBONG KONSTITUSYONAL NA AMYENDA.

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Inaamyendahan ang Konstitusyon ng California upang kilalanin ang pundamental na karapatang magpakasal, anuman ang kasarian o lahi. Tinatanggal ang wika sa Konstitusyon ng California na nagsasaad na ang kasal ay sa pagitan lang ng lalaki at babae. **Epekto sa Pananalapi:** Walang pagbabago sa mga kita o gastos para sa pamahalaang pang-estado at lokal. **Mga Tagasuporta:** Sierra Pacific Synod ng The Evangelical Lutheran Church sa America; Dolores Huerta Foundation; Equality California **Mga Kumokontra:** Jonathan Keller, Konseho ng Pamilya ng California; Rev. Tanner DiBella

### ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

**OO** Ang boto ng OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang lengguwahe sa Konstitusyon ng California ay ia-update upang tumugma sa mga kasalukuyang maaaring magpakasal. Hindi magkakaroon ng pagbabago sa kung sino ang maaaring magpakasal.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang lengguwahe sa Konstitusyon ng California ay hindi mababago. Hindi magkakaroon ng pagbabago sa kung sino ang maaaring magpakasal.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Pinoprotektahan ng Proposisyon 3 ang kalayaan ng mga taga-Californiana magpakasal, anuman ang kanilang lahi o kasarian. Tinatanggal ng Proposisyon 3 ang lengguwahe sa Konstitusyon ng California na nagsasaad na ang kasal ay sa pagitan lamang ng lalaki at babae. Pinatatatag ng Proposisyon 3 ang pangako ng California sa mga karapatang sibil at pinoprotektahan ang personal na kalayaan. Bumoto ng OO! YesonProp3CA.com

**KONTRA** Inaalis ng Proposisyon 3 ang lahat ng tuntunin para sa kasal, na nagbubukas ng pinto sa mga pagpapakasal ng bata, insesto, at pagpapakasal sa maraming asawa. Binabago nito ang konstitusyon ng California kahit na legal na ang pagpapakasal sa magkatulad na kasarian. Sa pamamagitan ng paggawa ng mga ina at ama na opsyonal, inilalagay nito sa panganib ang mga bata. Ang walang ingat na panukalang ito ay nakakapinsala sa mga pamilya at lipunan. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 3.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

OO SA PROPOSISYON 3, INI-SPONSOR NG EQUALITY CALIFORNIA
info@yesonprop3ca.com
YesonProp3CA.com

**LABAN**

Jonathan Keller
Konseho ng Pamilya ng California
P.O. Box 7937
Fresno, CA 93747
(866) 866-7993
Proposition3@CaliforniaFamily.org
https://CaliforniaFamily.org/Proposition3

# MAIKLING SANGGUNIANG GABAY

## PROP 4 — PINAHIHINTULUTAN ANG MGA BONO PARA SA LIGTAS NA INUMING TUBIG, PAG-IWAS SA WILDFIRE, AT PAGPROTEKTA SA MGA KOMUNIDAD AT MGA LIKAS NA LUPAIN MULA SA MGA PANGANIB SA KLIMA. BATAS NG LEHISLATURA.

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Nagpapahintulot ng $10 bilyon na mga bono sa pangkalahatang obligasyon para sa tubig, pag-iwas sa wildfire, at proteksyon ng mga komunidad at lupain. Nag-aatas ng mga taunang audit. **Epekto sa Pananalapi:** Mas mataas na gastos ng estado na humigit-kumulang $400 milyon taun-taon sa loob ng 40 taon upang mabayaran ang bono. **Mga Tagasuporta:** Aksyon para sa Malinis na Tubig; Mga Bumbero ng CALFIRE; Pambansang Pederasyon sa Wildlife; The Nature Conservancy **Mga Kumokontra:** Kapisanang Howard Jarvis ng mga Nagbabayad ng Buwis

### ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

**OO** Ang boto ng OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring humiram ang estado ng $10 bilyon para pondohan ang iba't ibang aktibidad na naglalayong pangalagaan ang mga likas na yaman, gayundin ang pagtugon sa mga sanhi at epekto ng pagbabago ng klima.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang estado ay hindi maaaring humiram ng $10 bilyon upang pondohan ang iba't ibang aktibidad na naglalayong pangalagaan ang mga likas na yaman, gayundin ang pagtugon sa mga sanhi at epekto ng pagbabago ng klima.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Oo sa 4 para sa ligtas na inuming tubig, pag-iwas sa wildfire, malinis na hangin, at proteksyon ng mga likas na yaman. Ang mga bumbero ng California, mga grupo ng konserbasyon, mga tagapagtaguyod ng malinis na tubig ay humihimok ng OO. May pananagutan, responsable sa pananalapi, na may mga independiyenteng pag-audit, mahigpit na transparency. Ang maagap na diskarte ay nakakatipid ng pera at pinipigilan ang pinakamasasamang epekto ng mapangwasak na sunog, usok, tagtuyot, at polusyon.

**KONTRA** Ang Bono ay ang pinakamahal na paraan para pondohan ang paggasta ng pamahalaan. *Ang pagpapagaan ng tubig at wildfire ay mga pangangailangan, hindi mga luho.* Dapat *naka-budget* ang mga ito, hindi*nakabono*. Maling pamamahala ang nagdala sa krisis na ito. Sa $10 bilyong bono na ito ay gagastos ang mga nagbabayad ng buwis ng halos $2 upang bayaran ang bawat dolyar na ginastos. Bumoto ng HINDI sa Prop. 4.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Mga Taga-California para sa Ligtas na Inuming Tubig at Pag-iwas sa Wildfire, Ini-sponsor ng mga Organisasyong Pangkapaligiran
555 Capitol Mall, Suite 400
Sacramento, CA 95814
Info@CAYeson4.com
CaYeson4.com

**LABAN**

hjta.org/hjta-ballot-measure-recommendations

## PROP 5 — PINAPAYAGAN ANG MGA LOKAL NA BONO PARA SA ABOT-KAYANG PABAHAY AT PAMPUBLIKONG IMPRASTRUKTURA NA MAY PAG-APRUBA NG 55% NG MGA BOTANTE. LEHISLATIBONG KONSTITUSYONAL NA AMYENDA.

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Pinapayagan ang pag-apruba sa mga bono para sa lokal na imprastraktura at pabahay para sa mga taga-California na mababa at nasa gitna ang kita sa 55% na boto. Mga kahingian sa pananagutan. **Epekto sa Pananalapi:** Pagtaas ng lokal na paghiram para pondohan ang abot-kayang pabahay, pansuportang pabahay, at pampublikong imprastraktura. Ang halaga ay magdedepende sa desisyon ng mga lokal na pamahalaan at botante. Ang paghiram ay babayaran nang may mas mataas na buwis sa ari-arian. **Mga Tagasuporta:** Mga Propesyonal na Bumbero ng California; Liga ng mga Babaeng Botante ng California; Tirahan para sa Sangkatauhan ng California **Mga Kumokontra:** Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California; Hispanikong mga Kamara de Komersiyo ng California; Alyansa ng mga Babaeng Beterano

### ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

**OO** Ang boto ng OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang ilang lokal na bono at mga kaugnay na buwis sa ari-arian ay maaaring maaprubahan na may 55 porsyentong boto ng lokal na botante, sa halip na ng kasalukuyang kinakailangan ng dalawang-katlong pag-apruba. Ang mga bonong ito ay kailangang pondohan ang abot-kayang pabahay, pabahay na sumusuporta, o pampublikong impraestraktura.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang ilang lokal na bono at mga kaugnay na buwis sa ari-arian ay patuloy na mangangailangan ng pag-apruba ng dalawang-katlong boto ng lokal na botante.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Inililipat ng Prop. 5 ang mga priyoridad sa lokal na paggasta mula sa pamahalaan ng estado, na nagbibigay sa mga lokal na botante at nagbabayad ng buwis ng pagpipilian at mga instrumento upang matugunan ang mga hamon na kinakaharap ng kanilang mga komunidad. Kung ito man ay para sa abot-kayang pabahay, mas ligtas na mga kalye, mas maraming istasyon ng bumbero, o iba pang proyektong hinimok ng komunidad, binibigyang-kapangyarihan ng Prop. 5 ang mga lokal na botante na lutasin ang mga lokal na problema. Bumoto ng OO.

**KONTRA** Binabago ng Prop. 5 ang konstitusyon upang gawing mas madali ang pagtaas ng utang sa bono, na humahantong sa mas mataas na buwis sa ari-arian. Inililipat ng Prop. 5 ang pinansyal na pasanin mula sa estado patungo sa mga lokal na komunidad, na nagpapataas ng mga gastos para sa mga may-ari ng bahay, nangungupahan, at mga mamimili. Ang mga pulitiko ay nagsulat ng mga butas sa Prop. 5 kaya ang "imprastraktura"; ay maaaring mangahulugan ng halos kahit ano.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Oo sa Prop. 5
www.YesOnProp5.org

**LABAN**

Protektahan ang mga Lokal na Nagbabayad ng Buwis
info@VoteNoProp5.com
VoteNoProp5.com

# MAIKLING SANGGUNIANG GABAY

## PROP 6 — INAALIS ANG KONSTITUSYONAL NA PROBISYON NA NAGPAPAHINTULOT SA HINDI BOLUNTARYONG PAGLILINGKOD PARA SA MGA NAKAKULONG. LEHISLATIBONG KONSTITUSYONAL NA AMYENDA.

### BUOD — *Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Inaamyendahan ang Konstitusyon ng California upang alisin ang kasalukuyang probisyon na nagpapahintulot sa mga kulungan at bilangguan na magpataw ng hindi boluntaryong paglilingkod bilang parusa sa krimen (*ibig sabihin,* pamimilit sa mga nakakulong na magtrabaho). **Epekto sa Pananalapi:** Potensyal na pagtaas o pagbaba sa mga gastos ng estado at lokal, depende sa kung paano magbabago ang trabaho para sa mga taong nasa bilangguang pang-estado at kulungang pang-county. Anumang epekto ay malamang na hindi lalampas sa sampu-sampung milyong dolyar taon-taon. **Mga Tagasuporta:** Miyembro ng Asembleya Lori Wilson **Mga Kumokontra:** Walang isinumite

### ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

**OO** Ang boto ng OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang hindi boluntaryong pagkaalipin ay hindi papayagan bilang parusa sa krimen. Ang mga bilangguan ng estado ay hindi papayagang disiplinahin ang mga tao sa bilangguan na tumangging magtrabaho.

**HINDI** Ang boto ng HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang hindi boluntaryong pagkaalipin ay patuloy na papahintulutan bilang parusa sa krimen.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Winawakasan ng Proposisyon 6 ang pang-aalipin sa California at pinananaig ang mga karapatang pantao at dignidad para sa lahat. Pinapalitan nito ang hindi boluntaryong pang-aalipin sa kulungan ng mga boluntaryong programa sa pagtatrabaho, may dalawang partidong suporta, at umaayon sa pambansang pagsisikap na repormahin ang ika-13 Amyenda. Uunahin nito ang rehabilitasyon, pagbaba sa paulit-ulit na pagbalik sa bilangguan, at pagbutihin ang kaligtasan ng publiko, na magreresulta sa pagtitipid ng nagbabayad ng buwis.

**KONTRA** Walang pangangatwiran laban sa Proposisyon 6 ang isinumite.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Esteban Nunez
Anti-Recidivism Coalition
1320 E. 7th Street, Suite 260
Los Angeles, CA 90021
(323) 830-0177
enunez@antirecidivism.org
antirecidivism.org

**LABAN**

## PROP 32 — PINAPATAAS ANG PINAKAMABABANG SAHOD. INISYATIBANG BATAS.

### BUOD — *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Itinataas ang pinakamababang sahod gaya ng sumusunod: Para sa mga employer na may 26 o higit pang empleyado, sa $17 kaagad, $18 sa Enero 1, 2025. Para sa mga employer na may 25 o mas kaunting empleyado, hanggang $17 sa Enero 1, 2025, $18 sa Enero 1, 2026. **Epekto sa Pananalapi:** Ang mga gastos ng pamahalaang pang-estado at lokal ay maaaring tumaas o bumaba ng hanggang daan-daang milyong dolyar taon-taon. Ang mga kitang pang-estado at lokal ay malamang na bababa ng hindi hihigit sa ilang daang milyong dolyar taon-taon. **Mga Tagasuporta:** Walang isinumite **Mga Kumokontra:** Kamara de Komersiyo ng California; Asosasyon ng Restawran ng California; Asosasyon ng mga Grocer ng California

### ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

**OO** Ang boto ng OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang pinakamababang sahod ng estado ay magiging $18 kada oras sa 2026. Pagkatapos nito, tataas ito bawat taon batay sa kung gaano kabilis ang pagtaas ng mga presyo.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang pinakamababang sahod ng estado ay malamang na humigit-kumulang $17 kada oras sa 2026. Pagkatapos nito, tataas ito bawat taon batay sa kung gaano kabilis ang pagtaas ng mga presyo.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang OO sa Proposisyon 32 ay magtataas ng pinakamababang sahod sa $18 para mas higit pang SERBISYO, MAHALAGA, AT IBA PANG MANGGAGAWA, at MAKAKAYANANG BAYARAN NG MGA SINGLE MOM ang GASTOS SA PAMUMUHAY sa estado. TUMAAS NG 100% ANG MGA KITA NG MGA KORPORASYON simula pa noong 2000 dahil ITINAAS nng MGA KORPORASYON NG PRESYO NG MGA BILIHIN. OO sa PROP. 32 upang makayanang bayaran ng mga manggagawa ang mga pangunahing pangangailangan sa buhay.

**KONTRA** Ang Prop. 32 ay isinulat lamang ng isang multi-milyonaryo, at sumulat siya ng isang kakila-kilabot na maling panukala. Itataas ng Prop. 32 ang gastos pamumuhay, aalisin ang mga trabaho, palalalain ang mga depisit sa badyet ng ating estado at lokal na pamahalaan, at gagawing mas mahirap maunawaan ng mga negosyo at manggagawa ang kumplikadong mga batas sa pinakamababang sahod ng California. Hindi sa 32!

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

livingwageact.com

**LABAN**

Mga Taga-California Laban sa Pagkawala ng Trabaho at Mas Mataas na Presyo, Hindi sa Prop. 32
info@StopProp32.com
StopProp32.com

# MAIKLING SANGGUNIANG GABAY

## PROP 33 — NAGPAPALAWAK SA AWTORIDAD NG MGA LOKAL NA PAMAHALAAN UPANG MAGPAPATAW NG KONTROL SA UPA SA ARI-ARIANG RESIDENSYAL. INISYATIBANG BATAS.

### BUOD *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Pinawawalang-bisa ang Costa-Hawkins Rental Housing Act of 1995, na kasalukuyang nagbabawal sa mga lokal na ordinansang naglilimita sa mga paunang residensyal na rate sa pagrenta para sa mga bagong nangungupahan o mga pagtaas ng upa para sa mga kasalukuyang nangungupahan sa mga partikular na ari-ariang residensyal. **Epekto sa Pananalapi:** Kabawasan sa mga kita ng lokal na buwis sa ari-arian na hindi bababa sa sampu-sampung milyong dolyar taon-taon dahil sa malamang na pagpapalawak ng kontrol sa upa sa ilang komunidad. **Mga Tagasuporta:** Asosasyon ng mga Nars ng CA; Alyansa ng CA para sa mga Retiradong Amerikano; Pagtataguyod para sa Kalusugan ng Isip; Koalisyon para sa Kaligtasang Pangkabuhayan; TenantsTogether **Mga Kumokontra:** Konseho ng California para sa Abot-kayang Pabahay; Alyansa ng mga Babaeng Beterano; Kamara ng Komersiyo ng California

### ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

**OO** Ang boto ng OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang batas ng estado *ay hindi* lilimitahan ang mga uri ng mga batas sa pagkontrol sa upa na maaaring mayroon ang mga lungsod at county.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang batas ng estado *ay patuloy na* maglilimita sa mga uri ng mga batas sa pagkontrol sa upa na maaaring magkaroon ng mga lungsod at county.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Masyadong mataas ang upa. Isang milyong tao na ang umalis sa California. Ang pagkontrol ng upa sa America ay gumana upang mapanatili ang mga tao sa kanilang mga tahanan mula pa noong 1919. Ang 17 milyong nangungupahan ng California ay nangangailangan ng tulong. Nakikinabang ang mga may-ari ng tirahan at nagbabayad ng buwis mula sa mga matatag na komunidad. Namamatay na ang California dream. Maaari kang tumulong sa pagsagip nito.

**KONTRA** Huwag magpalinlang sa pinakabagong pakana laban sa pabahay ng korporatistang nagpapaupa. Dalawang beses nang tinanggihan ng mga botante ng California ang radikal na mungkahing ito noon, dahil ipapatigil nito ang pagtatayo ng bagong pabahay at maaaring mabaligtad ang dose-dosenang bagong batas sa pabahay ng estado. Bumoto ng Hindi sa 33 upang protektahan ang mga bagong abot-kayang pabahay at mga may-ari ng tirahan sa California.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Susie Shannon
Mga Umuupa at May-ari ng Bahay para sa Pagkontrol sa Upa Oo sa 33, na ini-sponsor ng AIDS Healthcare Foundation
1250 6th Street, Suite 205
Santa Monica, CA 90401
(310) 576-1233
info@prop33.org
www.yeson33.org

**LABAN**
Hindi sa Prop. 33, Mga Taga-California for Responsible Housing
2350 Kerner Blvd. #250
San Rafael, CA 94901
(916) 292-8100
info@californiansforresponsiblehousing.org
NoOnProp33.com

## PROP 34 — PINAGHIHIGPITAN ANG PAGGASTOS NG MGA KITA SA INIRERESETANG GAMOT NG MGA PARTIKULAR NA PROVIDER NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN. INISYATIBANG BATAS.

### BUOD *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Inaatasan ang mga partikular na provider na gumastos ng 98% ng mga kita mula sa pederal na programa ng diskwento sa inireresetang gamot sa direktang pangangalaga ng pasyente. Pinahihintulutan ang pambuong estadong negosasyon ng mga presyo ng gamot sa Medi-Cal. **Epekto sa Pananalapi:** Mas malalaking gastos ng estado, malamang na milyon-milyong dolyar taon-taon, upang ipatupad ang mga bagong panuntunan sa mga partikular na entidad ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga apektadong entidad ay magbabayad ng mga bayarin upang masalo ang mga gastos na ito. **Mga Tagasuporta:** Ang Asosasyon ng ALS; Koalisyon ng California sa Pangangalaga ng Hindi Gumaling-galing na Karamdaman; Pamana ng Latino sa Los Angeles **Mga Kumokontra:** Pambansang Organisasyon para sa mga Babae; Nagbabantay sa Mamimili; Koalisyon para sa Kaligtasang Pangkabuhayan; Pundasyon ng Pangangalaga sa Kalusugan sa AIDS; Dolores Huerta

### ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

**OO** Ang boto ng OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang ilang entidad ng pangangalagang pangkalusugan ay kakailanganing sumunod sa mga bagong tuntunin tungkol sa kung paano nila ginagastos ang kita na kanilang kinikita mula sa isang pederal na programa ng diskwento sa gamot. Ang paglabag sa mga panuntunang ito ay magreresulta sa mga parusa (tulad ng hindi makapagpatakbo bilang entidad ng pangangalagang pangkalusugan), na karaniwan sa loob ng sampung taon.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga bagong tuntuning ito ay hindi magkakabisa.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Poprotektahan ng Proposisyon 34 ang mga pasyente at titiyakin na ang mga dolyar ng pampublikong pangangalagang pangkalusugan ay aktuwal na mapupunta sa mga pasyenteng nangangailangan nito. Ang Prop. 34 ay magsasara ng butas na nagpapahintulot sa mga korporasyon na gastusin ang perang ito sa mga bagay tulad ng pagbili ng mga karapatan sa pagpapangalan ng stadium at multi-milyong dolyar na suweldo ng CEO. Protektahan ang mga Pasyente Ngayon. Bumoto ng Oo sa Proposisyon 34.

**KONTRA** Prop. 34—Ang Inisyatiba ng Paghihiganti. Ang California Apartment Association, na kumakatawan sa mga bilyonaryong korporatistang nagpapaupa, ay walangpakialam sa mga pasyente. Ang tanging layunin nila ay patahimikin ang Pundasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa AIDS, ang isponsor ng inisyatiba sa pagkontrol sa upa. Ginagawang sandata ng 34 ang balota, isa itong banta sa demokrasya, at nagbubukas ng pinto sa mga pag-atake sa anumang non-profit.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
OO sa 34, Protektahan ang mga Pasyente Ngayon: A Coalition of Women, Veterans, LGBTQ+ Advocates, and Patient Groups
2350 Kerner Blvd. #250
San Rafael, CA 94901
(916) 447-7881
info@protectcapatientsnow.com
YesOnProp34.com

**LABAN**
Susie Shannon
Itigil ang Inisyatiba ng Paghihiganti—Hindi sa 34, na ini-sponsor ng AIDS Healthcare Foundation
1250 6th Street, Suite 205
Santa Monica, CA 90405
(310) 576-1233
info@votenoon34.org
www.votenoon34.org

# MAIKLING SANGGUNIANG GABAY

## PROP 35 — NAGBIBIGAY NG PERMANENTENG PAGPOPONDO PARA SA MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG MEDI-CAL. INISYATIBANG BATAS.

### BUOD *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Ginagawang permanente ang umiiral na buwis sa mga pinamamahalaang plano ng seguro sa pangangalagang pangkalusugan, na kung aaprubahan ng pamahalaang pederal, ay magbibigay ng mga kita upang bayaran ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng Medi-Cal. **Epekto sa Pananalapi:** Mga panandaliang gastos ng estado sa pagitan ng humigit-kumulang $1 bilyon at $2 bilyon taon-taon upang madagdagan ang pagpopondo para sa mga partikular na programang pangkalusugan. Pagtaas ng kabuuang pagpopondo sa pagitan ng humigit-kumulang $2 bilyon hanggang $5 bilyon taon-taon. Mga hindi pa alam na pangmatagalang epekto sa pananalapi. **Mga Tagasuporta:** Planned Parenthood Affiliates of CA; American College of Obstetricians & Gynecologists; American Academy of Pediatrics, CA **Mga Kumokontra:** Walang isinumite

### ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

**OO** Ang boto ng OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang umiiral na buwis ng estado sa mga planong pangkalusugan na magbibigay ng pagpopondo para sa ilang partikular na programang pangkalusugan ay magiging permanente. Ang mga bagong tuntunin ay ididirekta kung paano dapat gamitin ng estado ang kita.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang kasalukuyang buwis ng estado sa mga planong pangkalusugan ay magtatapos sa 2027, maliban kung ipagpapatuloy ito ng Lehislatura. Ang mga bagong tuntunin ay hindi magiging batas.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang pag OO sa 35 ay tumutugon sa aming pinakamahalagang krisis sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagtiyak ng nakalaang pagpopondo—*nang walang pagtataas ng buwis*—upang protektahan ang pag-access sa pangunahin at espesyalidad na pangangalaga, mga klinika ng komunidad, mga ospital, mga ER, pagpaplano ng pamilya, at mga provider ng kalusugan ng isip. Pinipigilan ng Prop. 35 ang estado na maglipat ng mga pondo para sa mga layuning hindi pangkalusugan. Sinusuportahan ng Planned Parenthood, mga pediatrician, California Medical Association. *www.VoteYes35.com*

**KONTRA** Walang pangangatwirang laban sa Proposisyon 35 ang isinumite.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Oo sa 35—Protect Our Health care
2350 Kerner Blvd. #250
San Rafael, CA 94901
(916) 238-8310
info@VoteYes35.com
VoteYes35.com

**LABAN**

## PROP 36 — PINAPAYAGAN ANG MGA KASONG FELONY AT PINALALAWIG ANG MGA SENTENSYA PARA SA MGA PARTIKULAR NA KRIMEN SA DROGA AT PAGNANAKAW. INISYATIBANG BATAS.

### BUOD *Inilagay sa Balota sa pamamagitan ng mga Lagda ng Petisyon*

Pinapayagan ang mga kasong felony para sa pagmamay-ari ng mga partikular na droga at para sa mga pagnanakaw ng mas mababa sa $950, kung ang nasasakdal ay may dalawang naunang hatol sa droga o pagnanakaw. **Epekto sa Pananalapi:** Ang mga gastos sa pang-estadong hustisyang kriminal ay malamang na mula sa ilang sampu-sampung milyong dolyar hanggang sa mababang daan-daang milyong dolyar taon-taon. Ang lokal na hustisyang kriminal ay malamang na magkakahalaga ng sampu-sampung milyong dolyar taon-taon. **Mga Tagasuporta:** Nagkakaisang mga Biktima ng Krimen sa California; Asosasyon ng mga Abogado ng Distrito ng California; Asosasyon ng mga Negosyo ng Pamilya ng California **Mga Kumokontra:** Diana Becton, Abogado ng Distrito ng County ng Contra Costa; Mga Nakaligtas sa Krimen para sa Kaligtasan at Hustisya

### ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

**OO** Ang boto ng OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga taong nahatulan ng ilang partikular na krimen sa droga o pagnanakaw ay maaaring tumanggap ng mas mataas na parusa, tulad ng mas mahabang sentensya sa bilangguan. Sa ilang partikular na kaso, ang mga taong may ilegal na droga ay kakailanganing kumpletuhin ang paggamot o magsilbi ng hanggang tatlong taon sa bilangguan.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang parusa para sa mga krimen sa droga at pagnanakaw ay mananatiling pareho.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang Prop. 36 ay ginagawang mas ligtas ang mga komunidad ng California sa pamamagitan ng pagtugon sa talamak na pagnanakaw at pagkalakal ng droga. Pinapaigting nito ang mga parusa para sa fentanyl at mga nagkakalakal ng droga at "smash-and-grabs" habang pinapanagot ang mga umuulit na nagkasala. Tinatarget nito ang mga serial na magnanakaw at hinihikayat ang paggamot para sa mga gumon sa droga, gamit ang isang balanseng diskarte upang ayusin ang mga butas sa kasalukuyang mga batas.

**KONTRA** Huwagmagpalinlang. Ang Proposisyon 36 ay magreresulta sa mas maraming krimen, hindi mas kaunti. Muli nitong pinapaalab ang nabigong digmaan laban sa droga, ginagawang felony ang simpleng pagmamay-ari ng droga, at nag-aaksaya ng bilyon-bilyon sa mga bilangguan, habang binabawasan ang mahalagang pagpopondo para sa mga biktima, pag-iwas sa krimen, paggamot, at rehabilitasyon. Inuuna nito ang pagkakagay sa mga kulungan at binabawasan ang treatment. Bumoto ng Hindi.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Mga Taga-California para sa Mas Ligtas na Komunidad
info@VoteYesProp36.com
VoteYesProp36.com

**LABAN**

Info@StopProp36.com
StopProp36.com